

Pagbabalik sa Bukid

Levine Andro Hernandez Lao

Ilang araw na lang, *reunion* na. Magtitipon ang mga miyembro ng angkan sa panig ng aking ina. Kayrami na, sabi ko sa sarili, habang inihahanda kanina ang mga pa-affle—ang walang kamatayang tupperware, ang improvement na computer accessories, at mga patok na tsokolateng para lamang sana sa mga bata. Ilang hilera na ang nababalot ko. Nasa isandaa't dalawampu na subalit matagal pang maubos ang mga kahong dapat balutin. Habang nagbibilang, sumagi sa isip ko ang ilang tanong: ilan kaya sa tatanggap ng mga ito ang kapag naglao'y makaaalalang sa *reunion* galing ang napanalunan? Masasayang lang kaya ang pagod ko at ang ginastos para sa mga ito? Tila tinitimbang ko hanggang ngayon kung wala ba akong tiwala sa okasyong ito o hindi ko pa lang talaga naintindihan ang reunion namin.

Limang henerasyon, at dumarami pa, ang saklaw ng taunang pagtitipon tuwing unang Linggo ng Enero—mula sa magulang ng mga lolo't lola ko hanggang sa mga aapuhin ko na nga kung tutuusin. Biruin ninyong may apo na ako, gayong ako'y beinte-kuwatro anyos pa lamang! Nabigla nga ako nang minsay may lumapit sa aking paslit. Nakaaaliw ang bulinggit na nahihiyang lumapit ngunit nang makalapit ay nagmano pa rin, sabay takbo sa likod ng binti ng kanyang ama. Hindi ako sanay. Mas malaki namang sopresa sa akin na anak iyon ng aking pamangkin. Natawa na lang ako sa pagkakataong iyon. Sa pag-usisa ko naman sa listahan ng nakaraang taon, napag-alaman kong wala pa pala sa kalahati ang kakilala ko sa mga kaanak. Nagtuos akong muli. Anim kami sa pamilya, tapos may ilang mga tita at

titong nadadalaw at dumadalaw sa amin, mga ninong at ninang na 'di na nagbibigay ng aginaldo, at ilang pinsang nakalalaro ko dati ng taguan, pintero at moro-moro sa may bukid, ng paunahan ng baby rocket at batuhan ng *pop-up* tuwing bagong taon, at saka ng basketbol kapag nagagawi naman sila sa amin. Aba, wala pang singkuwenta! Kaya sa *reunion*, bukod sa mapupudpod ang noo ko sa pagmamano, mailang din akong maki-halubilo sa mga hindi ko kakilala. Ito ang ipinag-aalala ko. Hindi naman puwedeng hindi pumunta sa okasyon. Punong-abala ang pamilya namin ngayong taon. Pero hanggang sa puntong ito, pinag-iisipan ko pa rin kung magtatagal ba ako roon o magpapakita lamang para naman di masabihang nang-iisnab ng okasyon ng mga kapamilya.

Laking pagtataka ko naman kung bakit naaaligaga ang aking ina sa paghahanda nito. Halos isang linggo na siyang maagang umaalis ng bahay para makipagtagpo sa mga kapatid at pinsan. Kung umuwi naman ay wala na ang araw. Hapong-hapo man ang katawan, may resistensiya pa rin siya para magkuwento. Sa pag-upo pa lang para maghapunan ay ibinibida na ang mga binabalak nilang programa, tulad ng mga palaro sa bata, matanda, babae, lalaki, at pati sa mga manginginom. Madalas, nauuna pa ang tawa kaysa kuwento. Hindi maitago ang saya at pananabik niya, tulad ng mga nakaraang taon din.

Noong Martes nga, bumisita sa bahay si Lola Goreng, Gregoriya ang tunay na pangalan, isa sa mga kapatid ng yumao kong lolo. Nasa sitenta'y kuwatro na siya. Oo, sa itsura'y maaaring halata ang kanyang edad, pero pagdating sa pagkilos at sigla ng pananalita, dadaigin maging ang ilang nag-ensayong mananalumpati. Kunsabagay, pambato siya sa mga balagtasana sa Bulakan, Bulakan noong kapanahunan niya, pagmamalaki ng mga kamag-anak namin. Malalim na Tagalog ang kanyang mga salita kung minsan, kaya hindi ko maintindihan nang husto. Gayumpaman, dama ko naman ang kanyang sinasabi. Tulad nang minsang ikuwento niya nang patula ang nangyari sa isang kaanak na dinakip noong kapanahunan ng Batas Militar. Tila nanariwa ang mga alaala at nawala kaming mga nasa harapan niya, saka nanginginig siyang bumitaw ng mga kataga. Pumiglas ang braso na para bang may hinahawi at maya-maya ay humahangos na't humahabol, umaabot sa isang bagay o taong hindi namin nakikita. Tumahimik siya at lumabas papuntang kusina. Palilipasin siguro ang pamumugto ng mga mata. Hindi ko alam kung ako'y matatakot o maaawa kay Lola Goreng.

Hayskul pa lang ako noon. Pero batid ko naman na ang ilang pitak ng kasaysayan sa probinsiya namin. Nakapangingilabot. Ang sinabi niya’y may koneksiyon doon sa pagbomba sa estasyon ng radyo roon sa may Malolos, iyong gusaling nasa gitna ng malawak na damuhan bago dumating sa may Fausta. Hindi araw-araw ang ganoong tagpo. Pero batid kong kapamilya si Lola Goreng, at kaakibat ng pagrespeto sa kanya ang pagrespeto sa mga karanasang ibinabahagi niya sa amin.

Malakas pa ang Lola Goreng. Hayun nga at nag-aalok pa rin ng tulong sa aking ina. Baka raw may hindi pa nagagawa. Kaya inupuan nila sa sala ang mga plano para sa *reunion*, habang ako’y pinasama para itala ang mga napag-uusapan.

Binalikan ng aking ina at lola ang listahan ng mga nabigyan ng imbitasyon at baka raw may nalimutan. Kung saan-saan na kasi nakaabot ang dugo ng angkan. Tubong Guiguinto sa Bulakan ang inang De la Cruz ng aking Lolo Hermogenes—Moneng kung tawagin ng labing-isa niyang kapatid. Habang mula naman sa Malolos ang kanyang amang Hernandez. Sa kabataan daw ng lolo, nabuhay sila sa pagsasaka sa mayamang bukid ng Pritil kung saan nag-alaga rin sila ng manok, baboy, at kambing. Kapag husto na ang gulang at timbang ay dinadala sa kabayanan ang mga alaga. Sa mag-asawang De la Cruz daw dati ang lupaing iyon, bago ipamana sa anak. Mula sa *expressway*, makikita pa rin ang parte ng luntiang kabukiran na minsang pinagsakahan ng lolo. Nagkuwento sa akin minsan. Aniya, sa bukid noon, matuto lang ng kaunting *Math*, magbungkal ng lupa, mag-alaga ng hayop, at ng maiging pakikipagkapuwa, maginhawa na ang buhay. Kay simple, isip ko.

Sa henerasyon naman ng aking ina, di tulad ng salinlahing nauna, nagnais ang kabataan na alpasan ang natanggap na libreng edukasyon sa pampublikong paaralang ngayon ay kilala bilang Marcelo del Pilar. Itinayo ng mga Amerikano sa Santa Isabel, Malolos ang paaralan ilang taon matapos ang rebolusyon. Mula sa bukid, naglalakad araw-araw nang halos limang kilometro sa pasikut-sikot na daan ang magkakapatid at magpipinsan. Ang daan nila ay sa Santa Rita, sa may Cagayan Valley Road o sa tinatawag ding Marhalika Highway, tapos ay silong ng napakahabang manggahan sa Ligas. Pahinga nang kaunti sa may patubigan ng Sapang Matanda, at saka lulusot sa Bungahan na ilang metro na lang ang layo sa Santa Isabel.

Nang magsigradweyt, ginusto ng aking ina at ilang pinsan na lumuwas sa Maynila at magtapos ng kurso. Sa salaysay ng aking Lola Nonay, mariin daw ang pagtuligsa ng kanyang mestisong biyenan sa pagtatapos ng kurso ng isang babae. Mag-aasawa lang din naman daw, bakit pa pagkaka-gastusan? Patulungin na lang daw sa gawaing bahay nang humusay. At kahit daw sabihing iskolar sa unibersidad, magastos pa rin ang buhay sa lungsod. Kakayanin daw ba ng lola na mahiwalay sa panganay? “Hindi” ang sagot ni Lola Nonay, ina ng aking ina, kaya madaling nagdesisyon ang pamilya nila na lumipat sa Lungsod ng Quezon. Sa siyudad na rin nakapagtapos ang mga kapatid ng aking ina. Paglipas ng isang henerasyon, nahaluan ng mga accountant, engineer, doktor, at guro ang angkan.

Ngayon, napag-iisip ako. Sa aming mga anak nila, maaga pa siguro para matukoy kung ano ang kahihinatnan namin. Ang tanging tiyak, hindi lang sa bukid at patubigan naglaro ang henerasyon namin.

At gayon nga, sa pag-iisa-isa ng aking ina at Lola Goreng sa mga miyembro ng pamilya, natawagan ang mga hindi pa naabot ng imbitasyon. Baka nga naman makarating ang mga nasa States tapos yaong nasa Palawan ay hindi.

Sunod namang inusisa ng dalawa ang pagdarausan ng reunion. Sa bukid ito gaganapin. Kapag sinabing “sa bukid,” sa bahay ito nila Tita Aurora sa Pritil. Ito ang bungalow na nakatindig sa dulo ng Purok 4 bago tumambad ang kaiga-igayang luntiang palayan. Ubod nang laki ang bakuran nitong maaaring lagyan ng *tent* kung sakaling umulan. Kalinya ng mabababang bakod ang mga santan.

Noon, pinagdurugtong-dugtong ko, kasama ng ilang pinsan, ang iba’t ibang kulay na bulaklak para gumawa ng bracelet para sa aking ina. Laging sa akin ang pinakapangit at madaling masira, di tulad ng sa mga pinsan na pulido at malinis tingnan. Ang sa akin kasi, parang may mga pasa. Mabigat daw kasi ang kamay ko.

Matamis daw ang tila sinulid na mahihila mula sa gitna ng bulaklak ng santan. Naroon daw ang nektar, ngunit kailanma’y ‘di ko ito nalasahan. Mas malasa pa rin ang pilit kong inaabot na mga alatires mula sa may terasa. Iyon na lamang ang puno ngayon sa loob ng bakuran nina Tita Au dahil nagpaalam ang bayabas na sa rupok ng kahoy ay bumigay nang pagtangkaang sampahan ng may mataba kong pinsan. (Sayang, di ko mismo nakita ang mga pangyayari. Pero ayos na rin, kung di sana ako

bumalik sa siyudad para mag-aral, baka ako pa nga ang nakapagpabagsak sa puno at nagdulot ng mahaba-habang tawanan sa mga pinsan. Buti't hindi ako ngayon ang tampulan ng tukso tuwing magkakakuwentuhan ang magpipinsan.)

Magkokolehiyo na ako nang malaman ang istorya ng pag-uwi ng aking pamilya sa Bulakan. Sa pagbabalik daw ng aking ina sa probinsiya, kasama na niya ang sariling pamilya: ang kanyang asawa, ang panganay na lalaki, at ako. Panahon iyon ng pagtatapos ng termino ni Presidente Cory Aquino, 1992, at muling pagbabalik sa bansa ng dating Unang Ginang Imelda Marcos, asawa ng lumisan at nasawi nang diktador, na gusto yata noong tumakbo sa pagkapangulo. Natakot ang ama ko dahil baka magkagulo. Marahil may trauma pa sila sa Batas Militar at saka sa coup d'état ng 1989 kaya napagdesisyonan na sa bayan ng Plaridel na lamang manirahan na ilang baranggay ang layo mula sa bukid.

Kung tutuusin, mas nasiyahan naman ako sa probinsiya. Dito, natuto akong umakyat ng puno, manghuli ng tutubi, maglaro sa bakuran, magbisikleta, at makipaghabulan na hindi ko naranasan sa maliit na townhouse sa Lungsod ng Quezon. Nawili ako sa pagsama sa bukid. At kaya gusto kong sumabat nang imungkahi ni Lola Goreng na ipalagay agad ang malaking tent para daw hindi na kami maabala kung sakali mang umulan. Gusto kong sabihin, “Hindi uulan. Walang bagyo. Mahaharangan ang puno ng alatires. Hindi makararaan ang simoy galing sa palayan.” Buti na lang, narinig yata ng aking ina ang nasa isip ko.

Ayos na ang mga imbitasyon, pati ang pagdarausan. Kinilates naman nila ang pinakaimportanteng bahagi ng pagdiriwang: ang pagkain.

Paalala lagi ng ina sa aming magkakapatid, magtipid, pero huwag sa pagkain. Ganoon din pala ang panuntunan niya sa ganitong okasyon. Sabi niya kay Lola Goreng, hindi raw dapat maubos ang nakahain. Tiniyak naman ng kausap na walang dapat ipag-alala. Kahit walang *catering*, walang magiging problema, aniya. Isang beses lang yata sumubok na magpa-*cater* para sa *reunion* at hindi na ito naulit. Nagkaubusan kasi! Kunsabagay, ilan nga bang *catering service* ang may kayang pakainin ang lampas dalawang daang katao, mula pananghalian hanggang hapunan?

Saka iba rin talaga ang pakiramdam kapag ‘di *commercial* ang pagluluto. Ang uso kasi sa *reunion* namin ay ang pagdadala ng kani-kanyang putaha at panghimagas. Para bang bago pa man ang mga nagsisikatang *cooking*

show ay may paligsahan na sa pagluluto sa *reunion*. Ang may dala ng putaheng unang mauubos ang panalo.

Ilan sa mga laging nakahanda ay menudo, asado, fried chicken, embutido, inihaw na tilapia at bangus, na itinatambal sa balisungsong na kanin, yaong nakabalot sa dahon ng saging. Panghimagas naman ang *sherbet*, buko salad, sorbetes, at mga prutas—kadalasan ay mga pakwang kay pula ng laman at mga hinog sa punong mangga.

Ngayong taon, magdadala raw ang Nana Celia ng sumang marwekos, na gustong-gusto ko. Ito yaong matamis na sumang may latik. Balak din daw mag-litson ng baboy ni Tito Topeng sa mismong araw ng *reunion* pero ‘di pumayag ang aking ina. Baka raw may madisgrasya. Baka mapabayaang lang daw kapag napaupo na sa inuman ang tiyuhin. Magpadala na lang daw ng luto na. Sa inumin naman, sagot na ito ni Lolo Rudy. Siya ang may hawak ng mga produkto ng kompanya ng softdrink sa Guiguinto. Sagot na rin niya ang serbesa. Pihadong may mahaba-habang inuman na naman ang *reunion*.

Dinalaw naman ako ng lumbay sa pag-uusap ng ina at ng Lola Goreng. Naalala ko kasi ang yumaong Lola Nonay at Lolo Moneng. Dati, asahan na, kapag umuwi sila para sa handaan, puno ang likod ng kanilang *pickup* ng mga timba ng buhay na alimango at ng naglalakihang sugpong pang-rebosado at sinigang. Mayroon ding ilang piraso ng morcon. Dala rin nila ang ilang liyanera ng paborito kong leche flan at mga kakanin. Ito ata ang minana ng aking ina sa mga lolo’t lola—ang pagiging maluwag lalo na’t pagdating sa pagkain.

Hulingpinag-usapan ang programa. Siyempre, buong pagmamalaking ibinahagi ng aking ina ang mga palarong naisip nilang magkakapatid at magpipinsan. Titipunin daw ang maliliit na bata at pasasayawin sa saliw ng “*Chacha Dabarkads*” at “*Oppa Gangnam Style*.” Laging may ganito. Kung ano ang usong tugtugin, iyon ang sasayawin. Walang konsepto ng jologs o baduy. Walang hiya-hiya. Kunsabagay, pribado ang pagtitipon dahil kami-kami lang naman ito sa angkan.

Ang mga palaro naman: mayroong *Going-to-Market* para sa mga bruskong manginginom. May *longest line* din daw, *Pinoy Henyo*, at marami pang iba. Kung iisipin, ordinaryo lang ang mga palaro sa simula. Pero ilang beses na akong naging saksi at biktima ng kalokohan ng magugulong tiyuhin. Binibigyan nila ng kulay ang mga palaro.

Tulad ng *Going-to-Market*. Walang patumpik-tumpik nilang hihiyain ang sarili. Sa tama ng beer, hindi daster ang gusto nilang isuot. Bikini. *Two-piece*. Dapat daw kasi, ganoon ang suot ng mga dalagang namamalengke para sipagin din silang mamalengke. Minsan, sa *Trip to Jerusalem*, magkaka-pareha ang ipinilit nilang isinali. Pareho ng alituntunin. Likot sa mga upuan at kailangang mag-unahan ang mga kalahok sa isang bagay para hindi sila matanggal sa laro. Ang ginawa ng mga tiyuhin, pinatayo nila sa upuan ang mga lalaki at inipitan ng talong sa hita, basta roon sa taas ng tuhod malapit sa ano. Dapat naman daw mag-unahan sa pagdakma ng talong pagtigil ng kanta ang mga umiikot na kababaihan. Hiyawan at tawanan ang pumalibot sa mga nahihiyang kalahok. Pero para sa kasiyahan at pakikisama, tuloy lang ang laro.

Patok din ang mga palaro-kuno sa mga mag-asawa. Naku! Di ito palagpasin lalo't alam na may mga tampuhan ang pareha. Pihado, pagsasayawin nila ang pares tulad ng pagsasayaw ng bagong kasal habang sinasabitang beinte, singkuwenta, sandaan, limang daan, at kung matindi-tindi ang away ay isang libo mula sa matatanda. Kikilig naman ang lahat dahil sa pagtatapos ng kanta ay tatambad ang *lips-to-lips* ng mag-asawa. Akalain mo nga namang may ganoon pa kahit wala talaga sa programa.

Tapos na ako sa mga pa-raffle nang maalala ang pagmamano ko kay Lola Goreng bago siya magpaalam noong isang araw. Ang balik niya ay ang laging inuusal ng matatanda sa tuwing magmamano kami—"Kaawaan ka ng Diyos"—na sinundan niya ng "O, pa'no, magkikita na lang tayo sa Linggo?" Opo, ang isinagot ko bilang paggalang.

Sa totoo lang, tiyak man akong pupunta ako sa *reunion*, pinaglilimian ko pa rin ang dahilan sa aking pagdalo. Mababaw kung sasabihin kong dahil sa pag-oo kay Lola Goreng. Kaylalim naman ng pinaghuhugutan ko kung dahil ito sa nakaraang nilagi ko sa bukid, sa mga alaala, sa pag-akyat sa mga puno't pagpitas ng alatires. Hindi lang 'ata malalim 'yon, kundi korni pa. Ngunit kung mapagtatanto ko namang napipilitan lang ako dahil sa pamilya, 'di ko maikakailang malulungkot ako. O, baka kaya kaisa ako sa mga pilyong tiyuhin na *trip-trip* lang ang mga dahilan pagdating sa usapin ng *reunion*?

Tinitimbang ko rin naman kung bakit may bahagi akong nag-aalangang bumalik sa bukid: Natatakot kaya ako na hindi ako bagay sa okasyong iyon, na baka manliit lang ako sanhi ng 'di kasing yamang

karanasan ng mga naunang henerasyon? O, ‘di kaya ay hindi pa sapat ang aking nararating na mga pook para maging makabuluhan ang gunita ko sa pagbabalik? Dahilan din marahil ang pangungulila ko sa yumaong Lola Nonay at Lolo Moneng. Baka rin naaasiwa lang ako sa *reunion* dahil sa mga hindi malamang dahilan.

Aba, hindi kaya ito sintomas ng sinasabing pagkahumaling sa mga ideolohiya sa henerasyong kinabibilangan ko? Uso kaya lalo na sa mga unibersidad ngayon ang indibidwalismo, yaong palagiang rason ng mga tinatawag na *misunderstood* o kaya ay weird na kung ano-anong kulay ang buhok, may *shades* sa gabi, naka-*leather jacket* sa kalagitnaan ng *summer*, at iba pa. Ang pangangatwirang “walang basagan ng *trip*.” Patok na panuntunan ito lalo’t higit sa kasikatan ng mga *social networking site*, kung saan kahit sino ay maaaring magsabi ng kahit ano. Walang tama. Walang mali. Walang mabuti. Walang masama. Tanging gusto at ‘di gusto lang. *I-like* mo kung gusto mo at huwag naman kung hindi.

Wala sanang kaso sa akin ang indibidwalismong iyan kung hindi ko lang sana naaalala ang minsang pangungutya ng ilan kong kaibigan. May panahong ginamit nilang pang-asar ang salitang “magsasaka.” Ibig sabihin daw noon ay mahirap o kaya ay “hindi maka-*afford*.” Hanggang sa *Facebook*, umabot ang pang-asar nilang iyon. Tumigil lang nang makialam ang nanay ng isa sa kanilang kinukutya. Nag-*comment* kasi ang magulang at pinagsabihan ang mga loko na wala “kailanman” sa kanilang angkan ang naging magsasaka. Doon nagtapos ang tuksuhan.

Hindi ako sang-ayon kung paano tinuldukan ang kantiyawan pero sabi nga, walang tama, walang mali sa ganoong espasyo sa bagong panahon. Ang tanging tama sa pagkakataong iyon ay ang tama sa pagkatao ko dahil napapabilang ako sa angkan ng mga minsang nagsaka.

Nakapakinig din ako minsan sa radyo ng diskusyon tungkol sa indibiswalismo. Ang pagkausong raw ng *earphones* at *headset* ay senyales ng kagustuhan ng mga bagong taong manatili sa kani-kanilang mundo na sila mismo ang nagbubuo. Isang mundong walang baduy, walang jologs, walang korni. Wala ang mga nakasasawang tugtugin mula sa telebisyon at radyo. Tanging ako at ang gusto ko lamang. ‘Di ko maikakailang posible at kapani-paniwala ito dahil maging ako’y naghe-*headset* kapag sobrang naiingayan ako sa paligid.

Ngunit, kung iuugnay ko ang paliwanag sa radyo, maingay ba para sa akin ang aming *reunion*? Oo, may pagkabaduy, korni, jologs, at maingay. Maingay, pero hindi pa naman ako naiirita. Hindi ko pa sigurado. Pagbibigyan ko pa rin ang *reunion* na ito.

Aabangan ko na lang at huhulihin ang bulong na magsasabi sa akin kung dapat ko nang tigilan ito—o kaya’y kung tutulad ba ako sa aking inang nauubusan ng mapagsidlan ng tuwa tuwing darating ang unang Linggo ng Enero, o sa lolang sinasariwa ang mga alaala sa pagtula, o sa mga pilyong tiyuhin na nagkukulay ng kakulitan sa programa ng reunion, o sa mga batang nagsasayaw sa mga kantang sinasabayan ng indak ng mga tutubi at mabangong simoy na nagmumula sa luntiang kabukiran.